# *Ang Kasalanan ng Pagbulung-bulong Yugto 1*

Ang pagbulung bulong ay isa sa kasalanan na hindi kinalulugdan ng Dios at ang Banal na Kasulatan ay maraming halimbawa na mababasa natin at mapapag-aralan upang babalaan tayo at magkaroon ng kamalayan na huwag magkasala laban sa Dios at laban sa ibang tao, na magdadala ng poot ng Dios sa atin. Ang pag-aaral ng Banal na Kasulatan ay nagtuturo din sa atin ng mga bunga ng ganyang kasalanan, at kung paano harapin ito at ang mga pag-iingat na dapat malaman natin upang hawakan ito.

***1. "22 At pinatnubayan ni Moises ang Israel mula sa Dagat na Mapula, at sila'y lumabas sa ilang ng Shur; at sila'y lumakad na tatlong araw sa ilang, at hindi nakasumpong ng tubig. 23 At nang sila'y dumating sa Mara, ay hindi sila makainom ng tubig sa Mara, sapagka't mapait: kaya't ang pangalang itinawag ay Mara. 24 At inupasala ng bayan si Moises, na sinasabi, Anong aming iinumin? 25 At siya'y dumaing sa Panginoon; at pinapagkitaan siya ng Panginoon ng isang puno ng kahoy, at inihagis niya sa tubig, at ang tubig ay tumabang. Doon inatangan niya ng palatuntunan, at ng tagubilin at doon sila sinubok niya; 26 At sinabi, Kung iyong didinggin ng buong sikap ang tinig ng Panginoon mong Dios, at iyong gagawin ang matuwid sa kaniyang mga mata, at iyong didinggin ang kaniyang mga utos, at iyong gaganapin ang lahat niyang mga palatuntunan ay wala akong ilalagay na karamdaman sa iyo, na gaya ng inilagay ko sa mga Egipcio: sapagka't ako ang Panginoon na nagpapagaling sa iyo. 27 At sila'y dumating sa Elim, na doo'y mayroong labingdalawang bukal ng tubig, at pitongpung puno ng palma; at sila'y humantong doon sa tabi ng mga tubig." (Exodu 15:22-27 KJV)*** Ang salaysay na ito ay naganap pagkatapos ng malaking tagumpay na ibinigay ng Dios sa mga Israelita nang hinayaan Niya ang kanilang mga kaaway, ang hukbo ng Faraon at ang Faraon mismo na malunod sa tubig at ang mga Israelita ay naligtas mula sa kanila at mula sa kanilang mga pagkaalipin at pang-aalipin. Pagkatapos niyon pinatnubayan sila ni Moises mula sa dagat na pula papuntang ilang sa Shur. Ang kanilang paglalakbay ay mahirap, tatlong araw sa ilang at tatlong araw na walang tubig; maaring may kaunting tubig sila na maiinom, ngunit walang tubig sila upang ipanghugas o sa kanila para maghugas o para sa kanilang baka upang makaimon. Ngayon pinatnubayan sila ni Moises sa ilang dahil iyon ang kanilang daan upang makarating sa Bundok ng Sinai kung saan itinalaga sila na sumamba doon sa Dios, gaya ng ipinag utos ng Dios kay Moises gaya ng mababasa natin dito, ***"12 At kaniyang sinabi, Tunay na ako'y sasaiyo; at ito'y magiging tanda sa iyo, na ikaw ay aking sinugo: pagka iyong nailabas na sa Egipto ang bayan ay maglilingkod kayo sa Dios sa bundok na ito." (Exodu 3:12 KJV)*** * Pagkatapos ng bawat tagumpay maaring ipahintulot ng Dios ang isang mahirap na pagkakataon sa iyo upang pagdaanan, sa gayon dapat kang maging handa at magtiis kasama ng Dios at maging handa na magdusa para sa Kanya at para sa Kanyang layunin at dahilan at dumaan sa makipot na daan. * Maari ding ipahintulot ng Dios ang gayong mga pagsubok upang subukin ka at tingnan kung ano ang nasa loob mo at kung paano ka kumilos at tumugon. * o maaring ipahintulot iyon ng Dios upang sanayin ka upang gawin kang mas matatag at mapagtiis na tao.

***''23 At nang sila'y dumating sa Mara, ay hindi sila makainom ng tubig sa Mara, sapagka't mapait: kaya't ang pangalang itinawag ay Mara.'' (Exodu 15:23 KJV)*** Ngayon dito ipinahintulot ng Dios sa kanila na makaabot sa lugar na mayroong tubig, ngunit ang tubig ay mapait ang lasa, at ito ay napakahirap inumin na ganoon. Ang kahulugan ng 'Marah' ay mapait. Minsan ginagawa ng Dios ang ganoong mga bagay, muli para sa isang layunin sa Kanyang isip upang subukin ka, upang disiplinahin ka, upang sanayin ka, at nais Niyang pagdaanan mo ang gayon.

***"24 At inupasala ng bayan si Moises, na sinasabi, Anong aming iinumin?" (Exodu 15:24 KJV)*** Ang mga tao dito ay tumugon sa bagong kalagayan na inilagay ng Dios sa kanila sa pagmamaktol laban kay Moises ? Bakit si Moises ? Dahil siya ang pumatnubay sa kanila sa dakong iyon, na tila ito'y kanyang pagkakamali at ngayon siya'y may pananagutan upang itama ito, ngunit ang katotohanan niyon ay ang utos ng Dios kay Moises na gawin iyon. Bakit si Moises? Posibleng sila'y malabo ang paningin at maaring hindi makita na ang Dios ang nasa likod ng buong pangyayari na kanilang pinagdaraanan. Ang katotohanan ay para sa kanila ay makaabot sa lupang pangako, ang lupain ng Canaan, kailangan nilang dumaan sa ilang. Huwag magmaktol laban sa mga tao at maging huwag magmaktol laban sa amin, kundi umikot at harapin ang Dios na nasa likod ng buong pangyayari na iyong pinagdaraanan.

Nakalimutan nilang alalahanin ang lahat ng kabutihan ng Dios sa kanila matapos ang tatlong araw at madaling nagmaktol laban kay Moises, ang parehong pinuno na ginamit ng Dios upang patnubayan sila palabas mula sa pang-aalipin ng mga Egipcio at inilabas mula sa mga kamay ng Faraon. Sa katotohanan, maari silang uminom mula sa mapait na tubig at mapanatili ang kanilang katawan at ang kanilang bakahan at linisin ang kanilang mga katawan doon, at maghintay sa tamang pagkakataon at para sa mas mahusay na tubig, ngunit sa kasawiang palad sila'y nagpasyang magbulung-bulong at magreklamo. * Sa parehong paraan dito habang tayo'y naghihintay para sa pagparito ni Jesus na pumarito upang kunin tayo patungo sa Langit at habang tinatapos natin ang ating paglalakbay sa lupa, papatnubayan tayo ng Dios sa ilang at hindi sa kamunduhan upang maabot nating ligtas ang ating Canaan, ang buhay na walang hanggan sa Kanya. * Kaya kailangan nating magtiis at batahin

hanggang makaabot tayo doon pagdaanan ang lahat ng mga pagsubok at paghihirap, huwag kalimutan na mayroong maraming tagumpay sa pagitan at mga pagpapala sa pagitan na sa nakaraan na tinamasa natin at ang mga tagumpay na naghihintay sa atin at higit sa lahat ang tagumpay ni Jesus sa krus. * Gayundin itanim mo sa iyong isip na hindi mo kayang baguhin ang daan ng Dios, at tayo bilang simbahan at ako bilang isang namumuno ay papatnubayan ka sa ilang na itinalaga ng Dios para sa atin na pagdaanan habang tayo'y naghihintay para kay Jesus. Kaya't kung nais mong makarating sa Langit sa gayon batahin kasama namin at magtiis sa pagdurusa hanggang tayo ay makaabot doon. Ang mga tao'y hindi nanalangin at nanaghoy sa Dios ngunit sila'y nagmamaktol laban kay Moises. Si Moise ay naging kanilang sangkalan upang ilagay ang lahat ng mga pagkakamali at ang paninisi ay ibinuhos sa kanya. Ang Hebrew salita para sa **'inapusala'** ay **'Luwn'**, na ibig sabihin ay, magmaktol o nagreklamo.

***"25 At siya'y dumaingsa Panginoon; at pinapagkitaan siya ng Panginoon ng isang puno ng kahoy, at inihagis niya sa tubig, at ang tubig ay tumabang. Doon inatangan niya ng palatuntunan, at ng tagubilin at doon sila sinubok niya;" (Exodu 15:25 KJV)*** Dito si Moises ay kumilos sa isang napakabuti at may pananagutang paraan, hindi siya tumugon at nagsalita sa mga tao o nakipag-away, kundi dumaing sa Dios, sa panalangin, upang lutasin ang mga isyu, at magbigay ng tubig na madaling inumin ng mga tao. Sa parehong paraan kailangang gawin natin gaya ng ginawa ni Moises, na kapag ang mga tao ay nagreklamo laban sa atin, kailangan nating dumaing sa Dios upang lutasin ang suliranin na ang mga tao ay naghihirap doon, at hindi natin kailangang sumagot at makipag-away sa mga tao. Maaring kailanganin pa nating unawain sila at bigyan ng pagsasalang-alang anuman ang posibleng gawin iyon. Ngunit mapapansin din natin na si Moises ay may parehong suliranin; ang suliranin ng walang tubig at ang suliranin ng mapait na tubig; na kanyang pinagdaraanan sa parehong kapighatian ngunit hindi siya nagreklamo.

Pagkatapos dumaing ni Moises sa Dios, ipinakita Niya sa kanya ang puno, walang nabanggit sa mga detalye tungkol sa puno, ngunit nang inihagis ni Moises ang punong iyon sa mapait na tubig ito'y naging matamis at iyon ang lunas. Nilutas ng Dios ang suliraning iyon sa isang payak na paraan at nakainom ang mga tao ng tubig at nasiyahan. Sa ilang pagkakataon ang payak na panalangin ay magiging sapat upang lutasin ang ating mga suliranin at tulungan tayo sa ating ministerio, at ang paraan na hinaharap natin ang mga tao, at hikayatin tayo at patnubayan tayong magpatuloy sa ating paglalakbay kasama ng Dios.

***"Doon inatangan niya ng palatuntunan, at ng tagubilin,"*** Ang Dios sa dakong iyon pagkatapos Niyang gawing matamis ang tubig, Ibinigay Niya ang mga palatuntunan at tagubilin na susundin nila at ibinigay ang kalagayan na kung susundin nila Siya, Siya ay maging pagpapala sa kanila, Hindi sa gayon, na ibinigay Niya sa kanila ang buong kautusan kundi ibinigay sa kanila ang bagong bahagi na iyon ay payak upang ipaliwanag sa kanila kung paanong ang kanilang pag-uugali at asal ay mapasa Dios upang ang mga pagpapala ay dumaloy sa kanilang buhay at ang kanilang buhay ay maging mas madali; ***"at doon sila sinubok niya;"*** bilang ang tubig ay mapait at pinatamis sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Dios sa paggamit ng madaling kahulugan ng buhay sa tulong ng Dios upang gawing mas madali ang mga pangyayari, sa gayo'y Binigyan Niya sila ng patunay at tularan kung paanong ito'y mapapasa kanila pagkatapos, na kung sila'y susuway dapat nilang asahan ang mapait na tubig, ngunit, kung sila'y susunod ng mabuti sa Dios ang kanilang buhay ay magiging kaaya-aya at mabuti.

***"26 At sinabi, Kung iyong didinggin ng buong sikap ang tinig ng Panginoon mong Dios, at iyong gagawin ang matuwid sa kaniyang mga mata, at iyong didinggin ang kaniyang mga utos, at iyong gaganapin ang lahat niyang mga palatuntunan ay wala akong ilalagay na karamdaman sa iyo, na gaya ng inilagay ko sa mga Egipcio: sapagka't ako ang Panginoon na nagpapagaling sa iyo." (Exodu 15:26 KJV)*** Narito ginawang napakaliwanag ng Dios sa kanila, na kung sila'y tutugon sa tinig ng Dios at kung gagawin ang mabuti sa Kanyang paningin at didinggin ang Kanyang mga utos at gaganapin ang Kanyang mga palatuntunan sa gayon walang karamdaman Siyang ilalagay sa kanila gaya ng ginawa Niya sa mga Egipcio, kundi sa halip pagagalingin Niya sila. Ano ang kahulugan niyon sa kanila, na ang kanilang paguunapsala at ang kanilang pagrereklamo ay hindi mabuti sa kanila kundi magdadala sa kanila ng galit at poot ng Dios sa anyo ng mga karamdaman. * Galit, pagkadismya, at depresyon, kawalan ng kasiyahan, pagkabalisa ay matinding karamdaman na darating sa iyo kapag ikaw ay nagsimulang magmaktol at simulang sumuway sa Dios. * Sa parehong paraan kailangan mong alisin ang pagbulung-bulong pagrereklamo sa iyong pag-uugali at handang sumabay sa Dios at sa daan na inilagay ka Niya doon, upang ang mga karamdaman, sakit at iba pang mga pagpapakita ng walang kasiyahan ng Diyos ay lumayo mula sa iyo.

***"27 At sila'y dumating sa Elim, na doo'y mayroong labingdalawang bukal ng tubig, at pitongpung puno ng palma; at sila'y humantong doon sa tabi ng mga tubig." (Exodu 15:27 KJV)*** Pagkatapos nito ipinakita ng Dios ang Kanyang mabuting kalooban sa kanila at dinala sila sa isang Oasis na tinawag na Elim na ibig sabihin dates na may labindalawang mga balon ng tubig at pitumpong puno ng palma, kaya sila'y sumilong doon, at nasiyahan sa kabutihan ng Dios para sa isang sumandali. Nasiyahan sila sa tubig at lilim, ngunit hindi sa bunga ng dates dahil sila'y sumilong nang Abril ngunit ang bunga ng dates ay sa Tag-araw. Bilang ikaw ay nagsisi at binago ang iyong mga daan at inalis ang lahat ng pagbubulong-bulung, pagrereklamo, negatibo, at malabong

mga salita at handang sumabay sa Panginoon, sa gayon papatnubay ka ng Dios patungo sa isang mapayapang kalagayan nilalasap ang kanyang kabutihan at mga pagpapala malayo sa mga kaguluhan.

***2. "1 At sila'y naglakbay mula sa Elim, at ang buong kapisanan ng mga anak ni Israel ay dumating sa ilang ng Sin, na nasa pagitan ng Elim at Sinai, nang ikalabing limang araw ng ikalawang buwan, pagkatapos na sila'y makaalis sa lupain ng Egipto. 2 At inupasala ng buong kapisanan ng mga anak ni Israel si Moises at si Aaron sa ilang: 3 At sinabi sa kanila ng mga anak ni Israel, Namatay na sana kami sa pamamagitan ng kamay ng Panginoon sa lupain ng Egipto, nang kami ay nauupo sa tabi ng mga palyok ng karne, nang kami ay kumakain ng tinapay hanggang sa mabusog; sapagka't kami ay inyong dinala sa ilang na ito, upang patayin ng gutom ang buong kapisanang ito. 4Nang magkagayo'y sinabi ng Panginoon kay Moises, Narito, kayo'y aking pauulanan ng pagkain mula sa langit; at lalabasin at pupulutin ng bayan araw-araw ang bahagi sa bawa't araw; upang aking masubok sila, kung sila'y lalakad ng ayon sa aking kautusan, o hindi. 5 At mangyayari sa ikaanim na araw, na sila'y maghahanda ng kanilang dala, na ibayo ng kanilang pinupulot sa araw-araw. 6 At sinabi ni Moises at ni Aaron sa lahat ng mga anak ni Israel, Sa kinahapunan, ay inyong malalaman, na ang Panginoon ay siyang naglabas sa inyo sa lupain ng Egipto. 7 At sa kinaumagahan, ay inyo ngang makikita ang kaluwalhatian ng Panginoon; sapagka't kaniyang naririnig ang inyong mga pagupasala laban sa Panginoon: at ano kami, na inyo kaming inuupasala? 8 At sinabi ni Moises, Ito'y mangyayari, pagbibigay ng Panginoon sa inyo sa kinahapunan ng karne na makakain, at sa kinaumagahan ng pagkain, na makabubusog; sapagka't naririnig ng Panginoon ang inyong mga pagupasala na inyong iniuupasala laban sa kaniya: at ano kami? ang inyong mga pagupasala ay hindi laban sa amin, kundi laban sa Panginoon. 9 At sinabi ni Moises kay Aaron, Sabihin mo sa buong kapisanan ng mga anak ni Israel, Lumapit kayo sa harap ng Panginoon; sapagka't kaniyang narinig ang inyong mga pagupasala. 10 At nangyari, pagkapagsalita ni Aaron sa buong kapisanan ng mga anak ni Israel, na sila'y tumingin sa dakong ilang, at, narito, ang kaluwalhatian ng Panginoon ay lumitaw sa ulap. 11 At ang Panginoon ay nagsalita kay Moises, na sinasabi. 12 Aking narinig ang mga pagupasala ng mga anak ni Israel: salitain mo sa kanila, na iyong sasabihin, Sa kinahapunan ay kakain kayo ng karne, at sa kinaumagahan, ay magpapakabusog kayo ng tinapay; at inyong makikilala na ako ang Panginoon ninyong Dios. 13 At nangyari sa kinahapunan na ang mga pugo ay nagsiahon at tinakpan ang kampamento at sa kinaumagahan, ay nalalatag sa palibot ng kampamento ang hamog. 14 At nang paitaas na ang hamog na nalalatag na, narito, sa balat ng ilang ay may munting bagay na mabilog at munti na gaya ng namuong hamog sa ibabaw ng lupa." (Exodu 16:1-14 KJV)***

***"1 At sila'y naglakbay mula sa Elim, at ang buong kapisanan ng mga anak ni Israel ay dumating sa ilang ng Sin, na nasa pagitan ng Elim at Sinai, nang ikalabing limang araw ng ikalawang buwan, pagkatapos na sila'y makaalis sa lupain ng Egipto." (Exodu 16:1 KJV)*** Dito ang mga Israelita ay nagpatuloy sa kanilang paglalakbay patungong Bundok ng Sinai, kaya kinailangan nilang umalis sa kanilang maginhawang lugar na sa Oasis ng Elim, kung saan sila'y nasiyahan sa tubig at sa lilim at kailangan nilang sumulong sa pag-abot sa ilang ng Sin, kung saan walang pagkain para sa kanila upang makakain. Bago iyon ay walang tubig, ngayon walang pagkain, ngunit si Moises at Aaron ay kasama nila at katulad nilang nagdurusa.

***"2 At inupasala ng buong kapisanan ng mga anak ni Israel si Moises at si Aaron sa ilang:" (Exodu 16 :2 KJV)*** Mulis sila'y nagupasala dahil sila inilagay sa ilang, at ito ang pangalawang pagkakataon, at hindi lamang laban kay Moises kundi kay Aaron din. Ngunit ano ang mali nilang dalawa? Walang pagkakamali. Ang Dios ang nangunguna sa kanila sa paggamit kay Moises at Aaron, kaya hindi laban sa Dios ang inilalabas na galit ng mga Israelita kundi laban sa kanilang dalawa bilang sila ang mga pinuno.

***"3 At sinabi sa kanila ng mga anak ni Israel, Namatay na sana kami sa pamamagitan ng kamay ng Panginoon sa lupain ng Egipto, nang kami ay nauupo sa tabi ng mga palyok ng karne, nang kami ay kumakain ng tinapay hanggang sa mabusog; sapagka't kami ay inyong dinala sa ilang na ito, upang patayin ng gutom ang buong kapisanang ito." (Exodu 16:3 KJV)*** Isinisi nila kay Moises at Aaron inakusahan sila na sila ang nagdala sa kanila sa ilang at hindi ang Dios. At sinabi nila na mas mabuti para sa kanila na mamatay sa Egipto, sa kung saan na batid natin na sila'y sumasamba sa dios-diosan at namumuhay sa imoralidad at ang lahat ng buhay ng kasalanan, dahil mas ginusto nilang kumain ng laman sa kawali at tinapay nang sagana, habang ngayon sa ilang walang pagkain makain at inaakusahan si Moises at Aaron na dinala sila upang mamatay sila doon upang mamatay sila sa gutom. Tunay na may sulirain tungkol sa pagkain, ngunit ang mga pinuno ay hindi ang isa na dapat akusahan at maging dahilan. Silang dalawa sina Moises at Aaron ay humaharap sa parehong suliranin ngunit sila'y kalmado tungkol doon at tinitiis ito; kaya ito ay isang bagay sa ilang na malawak na pagtitiis. Muling ipinahintulot ng Diyos ang gayon para sa isang layunin at hayaan ang Kanyang bayan na kumilos sa tiyak na landas na itinalaga niya ito para sa kanila.

***"4 Nang magkagayo'y sinabi ng Panginoon kay Moises, Narito, kayo'y aking pauulanan ng pagkain mula sa langit; at lalabasin at pupulutin ng bayan araw-araw ang bahagi sa bawa't araw; upang aking masubok sila, kung sila'y lalakad ng ayon sa aking kautusan, o hindi." (Exodu 16:4 KJV)*** Dito ang Dios ay nagmamasid kung anong nangyayari, at naririnig ang mga sinasabi ng mga tao at kung paanong kumilos ang mga tao kay

Moises at Aaron, at marahil din na si Moises ay nanalangin sa Dios sa pagharap sa gayong pag-uugali ng mga tao at ang kanyang malasakit ay magtamo ng pagkain para sa kanila, upang sila'y tumigil na mag upsala at kung ano ang maidudulot sa kanila ng gayong kasalanan. Kaya dito ay nakialam ang Panginoon upang lutasin ang isyu, at sinabi kay Moises ang mga sumusunod:

***"Narito, kayo'y aking pauulanan ng pagkain mula sa langit; at lalabasin at pupulutin ng bayan araw-araw ang bahagi sa bawa't araw; upang aking masubok sila, kung sila'y lalakad ng ayon sa aking kautusan, o hindi."*** Kahit ang mga tao ay nag-uupsala, naghihimagsik, at walang kagalakan, mabait at masagana pa ring pinakitunguhan ng Dios sila; at sinabi kay Moises na buksan ang kanyang mga mata at tingnan sapagkat Kanyang ipinahintulot ang tinapay mula sa Langit upang paulanin sa kanila upang mapunan ang kanilang pagkagutom. Kaya ito'y handang tinapay na hindi na kailangan ng paghahanda, ngunit ito'y pauulanin sa kanila at nagkalat sa kanilang kampo at tolda na handang kainin. Ang ***"narito"*** dito ay ipinakita kung paanong kamangha mangha ang paraan ng Dios na matugunan ang gayong kailangan at iyon ay pinagtibay sa sinabi ni Jesus, ***"Sinabi nga sa kanila ni Jesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Hindi si Moises ang nagbigay sa inyo ng tinapay na galing sa langit; kundi ang aking Ama ang nagbibigay sa inyo ng tunay na tinapay na galing sa langit." (Juan 6:32)***

At ang mga tao ay lalabas at titipunin ang isang tiyak na dami sa araw-araw, kaya ang tinapay na ito ay pauulanin araw-araw at titipunin sa pang-araw-araw na pangangailangan, na tiyak na dami nito ay titipunin araw araw sa isang tiyak na dami. Kaya isang sariwang tinapay, araw-araw. Dahil ito'y pauulan tuwing umaga, ang mga tao ay lalabas sa kanilang mga tolda, at titipunin ito para sa kanilang pang araw araw na pagkain, at gagawing araw araw. Tulad ng itinuro sa atin ni Jesus na manalangin araw-araw na magkaroon ng pagkain natin sa araw-araw, ***"Ibigay mo sa amin ngayon ang aming kakanin sa araw-araw." (Mateo 6:11 KJV)*** Sinabi pa ng Dios kay Moises ***"upang aking masubok sila, kung sila'y lalakad ng ayon sa aking kautusan, o hindi."*** Sa pamamagitan ng iisang na tuntunin at utos na nag uutos sa kanila na lumabas bawat umaga, maliban sa araw ng sabbath,upang tipunin ang kanilang tinapay na papaulanin sa kanila ng sariwa, sila ay susubukin ng Diyos kung sila ay mananatili at susunod o hindi, at kung sila ay aasa sa Kanyang kaloob at susunod sa Kanyang mga kautusan sa kanilang buhay. * Sa parehong paraan ngayon, kapag ikaw ay nagmaktol at nagreklamo hindi ibig sabihin na ang Dios ay kikilos upang lutasin ang iyong suliranin dahil ikaw ay nagmaktol sapagkat inihanda na ng Diyos para sa iyong pangangailangan ang solusyon na tutulong sa iyo na malagpasan, ngunit maglalagay siya ng isang kondisyon sa iyo upang patunayan o subukan ka upang makita kung susunod ka sa Kanya o hindi. * Ang Dios sa bawat hakbang ng iyong espirituwal na paglago ay hahayaan kang dadaan sa tiyak na kapaligiran at aasahan mula sa iyo na makikipagtulungan at sasabay sa Kanyang itinalaga para sa iyo; upang dumaan sa ilang at kumain ng manna ang bagong estilo ng buhay Cristiano ng disiplina, na gumising ng maaga, at mabuting tagapamahala, walang kasakiman at walang ng kamunduhan.

Dito sa ganitong estilo ng bagong buhay sa ilang naglagay ang Dios ng anim na araw upang magtrabaho at sa ika-pitong araw upang magpahinga at ingatan ang sabbath na ito sa Dios, at tiniyak Niya ang kanilang kaloob sa kanila sa pagbibigay sa kanila ng dobleng halaga sa ikaanim na araw. ***"5 At mangyayari sa ikaanim na araw, na sila'y maghahanda ng kanilang dala, na ibayo ng kanilang pinupulot sa araw-araw." (Exodu 16:5 KJV)*** Ang Dios ay parehas at Siya ang Dios ng katarungan.

***"6 At sinabi ni Moises at ni Aaron sa lahat ng mga anak ni Israel, Sa kinahapunan, ay inyong malalaman, na ang Panginoon ay siyang naglabas sa inyo sa lupain ng Egipto. 7 At sa kinaumagahan, ay inyo ngang makikita ang kaluwalhatian ng Panginoon; sapagka't kaniyang naririnig ang inyong mga pagupasala laban sa Panginoon: at ano kami, na inyo kaming inuupasala? 8 At sinabi ni Moises, Ito'y mangyayari, pagbibigay ng Panginoon sa inyo sa kinahapunan ng karne na makakain, at sa kinaumagahan ng pagkain, na makabubusog; sapagka't naririnig ng Panginoon ang inyong mga pagupasala na inyong iniuupasala laban sa kaniya: at ano kami? ang inyong mga pagupasala ay hindi laban sa amin, kundi laban sa Panginoon." (Exodu 16:6-8 KJV)*** Dito sina Moises at Aaron ang mga namumuno ay ipinaliwanag sa kanila na ang kanilang pagmamaktol ay hindi laban sa kanila kundi laban sa PANGINOON, dahil inakusahan sila na sila mismo ang nagdala sa kanila sa ilang. Sa parehong paraan ang mga nagmamaktol laban sa atin dahil sa bagong estilo ng pagka mahigpit sa buhay at sa ilang tayo'y namumuhay malayo mula sa kamunduhan; kailangan nating ipaliwanag sa kanila na ito ay hindi mula sa atin kundi mula sa Panginoon na nais sa atin na mamuhay sa ganoong buhay hanggang maabot ang Langit.

***"9 At sinabi ni Moises kay Aaron, Sabihin mo sa buong kapisanan ng mga anak ni Israel, Lumapit kayo sa harap ng Panginoon; sapagka't kaniyang narinig ang inyong mga pagupasala." (Exodu 16:9)*** Dito inutusan sina Moises at Aaron na tawagin ang kapisanan na lumapit sa harap ng Dios na kailangan Niyang harapin sila at ang kanilang kasalanan dahil narinig Niya ang kanilang pag-uupsala. Kinakailangan nilang humarap sa Dios at lumapit sa Kanya at manalangin at hilingin ang kanilang mga kailangan at huwag magmaktol. ***"10 At nangyari, pagkapagsalita ni Aaron sa buong kapisanan ng mga anak ni Israel, na sila'y tumingin sa dakong ilang, at, narito, ang kaluwalhatian ng Panginoon ay lumitaw sa ulap. 11 At ang Panginoon ay nagsalita kay Moises,***

***na sinasabi." (Exodu 16:10-11 KJV)*** At totoo nang si Aaron ay nagsalita sa kanila, ang mga Israelita gaya ng sila'y tumingin sa ilang, nakita nila ang kaluwalhatian ng Dios na lumitaw mula sa alapaap. Sa parehong paraan habang ikaw ay nakatingin sa ilang (gaya ng pagbabasa, pagbulay bulay, at pagsunod sa kung anong nasa iyong Bibliya, pananalangin, pagaayuno, paninikluhod, payak na buhay, pangangasiwa, disiplina) at ito ang daan na nasisiyahan tayo sa ating buhay habang tayo'y naghihintay na maabot ang Langit, at hindi sa kamunduhan (gaya ng pagtitipon, pagsasayang ng mga mapagkukunan, alipin sa Media, sa mga Balita at laro, kawalan ng disiplina, atbp.) sa gayon makikita mo ang kaluwalhatian ng Dios. Totoong nagsalita ang Dios kina Moises at Aaron upang dalhin ang mga tao na narinig ng Dios ang kanilang pagupsala at gagawin Niya sa kanila ang mga sumusunod: ***"12 Aking narinig ang mga pagupasala ng mga anak ni Israel: salitain mo sa kanila, na iyong sasabihin, Sa kinahapunan ay kakain kayo ng karne, at sa kinaumagahan, ay magpapakabusog kayo ng tinapay; at inyong makikilala na ako ang Panginoon ninyong Dios." (Exodu 16:12 KJV)*** Ang Dios ay mapagbiyaya sa pagbibigay sa kanila ng kanilang kailangan sa ilang, at tunay na ang naganap gaya ng ating mababasa dito, ***"13 At nangyari sa kinahapunan na ang mga pugo ay nagsiahon at tinakpan ang kampamento at sa kinaumagahan, ay nalalatag sa palibot ng kampamento ang hamog. 14 At nang paitaas na ang hamog na nalalatag na, narito, sa balat ng ilang ay may munting bagay na mabilog at munti na gaya ng namuong hamog sa ibabaw ng lupa." (Exodu 16:13-14 KJV)***

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ang Dios ay mapagbiyaya sa atin kaya't:

- Tingnan natin Siya sa bawat pagkakataon ng ating buhay bilang Cristiano.
- Lumakad tayong kasama Niya. Huwag nating tingnan ang negatibo sa mga tao at sa mga nasa tanggapan at ang mga namumuno at sisihin sila ng walang katotohanan at magreklamo laban sa kanila para sa kahirapan na ating pinagdaraanan.
- Ating basahin ang isipan ng Dios at tingnan natin ang higit pa sa hirap na ating pinagdaraanan.
- Kilalanin natin at tingnan ang bagong estilo ng buhay na itinakda ng Dios para sa atin na pagdaanan.
- Matutunan natin na makita ang kaluwalhatian ng Dios sa ilang ng buhay na ito na ipinamumuhay natin hanggang tayo'y isalin sa Langit.
- Ating talikuran ang kamunduhan at estilo ng buhay nito, nalalaman na mag-aakay sa atin na maligaw palayo mula sa Dios.
- Tayo ay magalak sa manna na ibinibigay sa atin ng Dios at ang daan na ibinibigay Niya ang lahat sa pang araw araw na kailangan at pangangailangn.
- Tayo ay mangapasalamat sa Kanya sa bawat kaloob, at para sa patnubay at sa disiplina, sa Kanyang presenya sa ating buhay at sa lugar sa Langit na inihanda Niya para sa atin.

Tayo ay manalangin……

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios, Ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat sa iyo para sa iyong Salita sa amin sa mensaheng ito na malaman namin ang kasalanan ng pagmamaktol at kung paanong hindi ka nauunawaan ng mga tao at ang iyong mabuting plano na mayroon ka para sa kanila.*

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na tumalima sa iyong Salita sa mensaheng ito at upang ipatupad iyon ayon sa iyong kalooban.*

*Ipahayag at talikdan ang iyong mga kasalanan sa Dios, Talikdan ang kasalanan ng pagbulung bulong at pagrereklamo at pag aakusa at paninisi sa mga namumuno, at paninisi sa kanila sa kahirapan na iyong pinagdaraanan. Ipahayag ang mga kasalanan ng kamunduhan, at ang kawalan ng disiplina at pangako, at ang kakulangan ng pangangasiwa at walang kahandaan na magdusa at dumaan sa makipot na daan. Panginoon patawarin mo ako, ako'y nagsisisi mula sa sumusunod na mga kasalanan* ________________________.

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na isagawa ang iyong Salita at ipatupad ang iyong kalooban sa aking buhay. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na magparami pa ng bunga ng Banal na Espiritu; pagibig, kagalakan, kapayapaan, kaamuhan, kabutihan, kahinahunan, pagpipigil sa sarili, mahabang pagtitiis at pagtitiis at kababaang loob. Panginoon tulungan mo ako na magtiis sa pagdaan sa makipot na daan.*

*Panginoon salamat para sa lahat ng kapatid at sa mga kapatid na babae na ipinangako ang kanilang buhay na ipamuhay sa Panginoon. Panginoon protektahan sila at gabayan sila, at patuloy mong ibigay ang kanilang pangangailangan upang magpatuloy silang maglingkod sa iyo. Panginoon patuloy mong ipahayag ang iyong sarili sa kanila at salitain sa kanila at ipakita sa kanila ang iyong kaluwalhatian upang patuloy silang pumaroon sa tamang direksyon na itinalaga mong pagdaanan nila.*

*Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan, protektahan kami mula sa masama gaya ng pagpayag namin sa gawaing ito na paglingkuran ka, Panginoon dalangin ko para sa lahat ng mga manggagawa ng simbahan na mapasa mabuting pag uugali at malayo sa pagbulung bulong at pagrereklamo at handang tumalima sa makipot na daan na iyong idinerekta na pagdaanan namin. Panginoon ibigay mo ang lahat ng aming kailangan, at buksan sa amin ang mga bagong pintuan upang ipangaral ang mensahe. Panginoon puspusin mo kaming muli ng Banal na Espiritu at ibigay sa amin ang espirituwal na mga kaloob na yumaon at magevangelio at gumawa ng bagong mga alagad at sanayin ang bagong mga manggagawa upang magtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon hayaan na ang pananaw na iyong ibinigay sa iyong simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios' ay matupad. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit, Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com